



TOP END WOMEN'S LEGAL SERVICE INC.

FREE LEGAL ADVICE FOR WOMEN
Advice | Information | Referral | Advocacy

Personal na Kautusan ng pagpigil sa karahasan Violence

Kung may isang tao na kumikilos nang marahas, mapagbanta, o mapang-abuso laban sa iyo, maaari kang mag-aplay para sa isang personal violence restraining order (**PVRO**) para sa iyong proteksyon.

Ano ang PVRO?

Ang PVRO ay isang kautusang pamproteksyon na ginagawa ng Korte upang protektahan ka laban sa personal na karahasan.

Maaari kang mag-aplay para sa PVRO kung ikaw ay dumanas, dumaranas, o malamang na dumanas ng personal na karahasan.

Ano ang personal na karahasan?

Sa Northern Territory (**NT**), sa ilalim ng batas ng PVRO, ang personal na karahasan ay inilalarawan bilang:

- *Pag-aasal na nagsasahi ng pinsala*, gaya ng pag-atakung pisikal o sekswal;
- *Paninira ng ari-arian*, kabilang ang pagsanhi ng pinsala o pagkamatay ng isang hayop;
- *Intimidasyon*, kabilang ang pagkatakot mong may gawing karahasan laban sa iyo, sa iyong pamilya, at/o sa iyong ari-arian;
- *Panliligalig*, kabilang ang panay at di-ginustong pagkontak nang harapan o gamit ang teknolohiya gaya ng telepono, email, at social media;
- *Pagsubaybay*, kabilang ang sadyang pagsunod, pagmanman, o paglapit sa iyo sa mga dalawang (2) okasyon, na may layong gawan ka ng pinsala o bigyang-takot ka na mapinsala;
- *Abusong pinansyal*, gaya ng pagtatago o pagkontrol ng pera; o
- Pagtatangka o pagbabantang gagawin ang alinman sa mga karahasang nasa itaas.

Sino ang makapag-aaplay para sa PVRO?

Lahat ng taong nasa hustong gulang (18+) sa NT ay makapag-aaplay para sa isang PVRO laban sa sinuman sa sumusunod na mga tao:

- Isang kapitbahay;
- Isang katrabaho; o
- Anumang iba pang klase ng personal o propesyonal na pakikipag-ugnayan.

Ang Nasasakdal (Defendant) sa isang PVRO ay **dapat** mahigit sa 15 taong gulang.

Ang aplikasyon para sa PVRO ay magagawa ng:

- Tao na humihingi ng proteksyon;
- Sinumang nasa hustong gulang na kumikilos para sa tao na poprotektahan (ibig sabihin, kung ang Protektadong Tao ay isang bata); o
- Isang pulis.

Mga pangunahing termino:

- **Aplikante (Applicant):** ang taong nag-aaplay para sa PVRO
- **Paglabag (Breach):** pagsira o di-pagtupad sa mga kautusan (mga tuntunin) ng PVRO
- **Korte (Court):** ang Lokal na Korte
- **Nasasakdal (Defendant):** ang tao na ang pag-aasal ay hinihiling ng Aplikante na pigilan o hadlangan
- **Pansamantalang PVRO (interim PVRO):** isang pansamantalang PVRO
- **Protektadong Tao (Protected Person):** ang tao na poprotektahan ng PVRO

Paano ako mapoprotektahan ng PVRO?

Ang PVRO ay isang uri ng kautusan ng pagpigil (restraining order) – layon nitong hadlangan ang di-ginugustong pag-aasal at maaaring parusahan ito.

Maaaring kabilang sa isang PVRO ang iba't ibang uri ng mga kautusan upang pigilan ang karahasan sa tahanan at pamilya, depende sa iyong mga sirkumstansya. Bagama't makagagawa ang Korte ng anumang mga kautusang kailangan para maprotektahan ang Protektadong Tao, ang mga karaniwang uri ng PVRO ay ang:

- **Lubos na walang kontak**– pinipigilan ang Nasasakdal sa pagkakaroon ng anumang kontak sa Protektadong Tao
- **Walang-karahasan**– pinipigilan ang Nasasakdal sa paggawa ng anumang karahasan sa tahanan at pamilya sa hinaharap laban sa Protektadong Tao

Ang karaniwang tagal ng isang PVRO ay 12 buwan, gayunpaman, maaaring ito ay mas tumagal o mas maikli.

Mga pangunahing katangian:

- Libre ang pag-aplay para sa PVRO
- Maaaring lamang magkaroon ng isang (1) Protektadong Tao at isang (1) Nasasakdal ang PVRO
- Bago gumawa ng panghuling pasya tungkol sa isang PVRO, kailangang isangguni ng Korte ang isyu sa mediation (pamamagitan), maliban kung may tumutukoy na eksepsyon
- Awtomatikong nakakansela ang lisensya sa armas, permiso o sertipiko ng rehistrasyon kapag ginawa ang isang PVRO (at sinususpindi ang mga ito ng isang pansamantalang PVRO)
- Isang krimen ang paglabag sa PVRO at mapaparusahan ng multa o pinakamatagal na dalawang (2) taon na pagkabilanggo

Ano ang kaibahan ng DVO sa PVRO?

Kung ikaw ay dumaranas ng karahasan mula sa isang tao na may relasyon kang pantahanan o pampamilya, halimbawa, isang partner, kapamilya, housemate (kasalo sa bahay), o tagapag-alaga, maaari kang mag-aplay para sa isang domestic violence order (**DVO**) (kautusan sa tahanan) para sa iyong proteksyon.

Gumagana ang mga DVO nang katulad sa mga PVRO, gayunpaman, may mahahalagang pagkakaiba:

- Habang ang PVRO ay maaari lamang magkaroon ng isang (1) Protektadong Tao, ang DVO naman ay maaaring magkaroon ng marami (ibig sabihin, mga anak ng pangunahing Protektadong Tao).
- Habang ang mga isyung PVRO ay may kahingiang dumalo sa mediation (pamamagitan), walang katumbas na kahingian para sa mga isyung DVO.
- Habang ang mga taong nasa hustong gulang lamang (18+) ang maaaring mag-aplay para sa PVRO, ang mga kabataan (may edad na 15-18) ay maaaring mag-aplay para sa DVO.

Paano ako makapag-aplay para sa PVRO?

Hakbang 1: Nakasulat na Aplikasyon

Upang mag-aplay para sa PVRO, dapat kang magkumpleto ng nakasulat na aplikasyon. Ito ay tinatawag na "Aplikasyon para sa Personal Violence Restraining Order" (Form 7G) at ito ay makukuha nang harapan sa Court registry o sa website ng Korte sa www.localcourt.nt.gov.au.

Dapat kang humingi ng legal na payo upang maghanda ng iyong aplikasyon para sa PVRO.

Hakbang 2 - Paghahatid

Ang pulisya o Korte (sa pamamagitan ng proseso ng tagahatid o Court bailiff) ay maghahatid (magbibigay) sa Nasasakdal ng kopya ng aplikasyon sa PVRO na may petsa at address ng Korte para sa unang pagharap sa Korte.

Hakbang 3 – Unang pagharap sa Korte

Ang unang pagharap sa Korte ay tinatawag na 'mention'. Sa araw ng mention, gustong kumpirmahin ng Korte na nangyari na ang paghahatid at marinig kung sang-ayon ang Nasasakdal sa PVRO. Maaari ring magpasya ang Korte kung kailangan ng Pansamantalang PVRO para sa iyong proteksyon habang dinedesisyon ang iyong aplikasyon.

Bago makagawa ng panghuling pagpapasya ang Korte tungkol sa iyong aplikasyon para sa PVRO, ang iyong isyu ay **dapat** isangguni sa mediation (pamamagitan) sa Community Justice Centre, maliban kung may tumutukoy na eksepsyon (kabilang ang kasaysayan ng karahasan o dating di-matagumpay na mediation).

Hakbang 4 – Sapilitang mediation

Ang mediation ay isang miting kung saan ang mga partido ay magtatangkang ayusin ang kanilang alitan na may tulong ng isang taong independiyente (ang tagapamagitan). Ito ay hindi gaanong pormal at mas mabilis kaysa sa pagharap sa Korte.

Mga kalalabasan:

Kung sang-ayon ang Nasasakdal sa PVRO, maaaring gumawa ng panghuling PVRO ang Korte.

Pangangako (Undertaking)

- Sa halip ng isang PVRO, ikaw at ang Nasasakdal ay maaaring magkasundo na ang Nasasakdal ay gagawa ng pangako sa Korte tungkol sa kanyang pag-aasal sa hinaharap tungo sa Protektadong Tao; ito ay tinatawag na 'Undertaking' (Pangangako).
- Kung hindi susundin ng Nasasakdal ang Undertaking, maaari kang mag-aplay na muli para sa isang PVRO. Ang Nasasakdal ay maaari ring matagpuang walang pakundangan sa hukuman (in contempt of court) (na mapaparusahan ng multa o pagkabilanggo).

Kung hindi magkakasundo ang mga partido

- Ang isyung PVRO ay dadalhin sa isang case management inquiry (**CMI**) at pagkatapos ay sa isang pagdinig (hearing) sa isang petsa sa kalaunan.

Hakbang 5 – Pagdinig

Kung ang iyong aplikasyon para sa PVRO ay hahantong sa isang pagdinig, magpapasya ang Korte kung gagawa ng PVRO para sa iyong proteksyon.

Sa pagdinig, pakikinggan ng Korte ang ebidensya mula sa mga partido (o mula sa kanilang (mga) abogado) kung bakit dapat o hindi dapat gumawa ng PVRO. Makaraan ito, magpapasya ang Korte kung gagawa ng PVRO, sa sandalling matapos ang pagdinig o kaya ay sa kalaunan sa pamamagitan ng nakasulat na mga dahilan.

Mga kalalabasan:

- Gagawa ng PVRO ang Korte
- Mangangako ang Nasasakdal
- Kung ang Korte ay hindi makukumbinsi na ang personal na karahasan ay nangyari o malamang na mangyari, maaaring pawalang-saysay ng Korte ang aplikasyon para sa PVRO

Mayroon akong PVRO, pero nilabag ito ng Nasasakdal—ano ang dapat kong gawin?

Isang krimen ang paglabag sa isang PVRO; ang mga paglabag ay mapaparusahan ng multa o pagkabilanggo nang hanggang dalawang (2) taon.

Dapat isumbong sa NT Police ang lahat ng mga paglabag, at dapat kang humingi ng legal na payo tungkol sa iyong PVRO upang makumpirma kung ito ang tamang kautusan para sa iyo.

Mayroon akong PVRO, pero hindi ito tama para sa akin – maaari ko bang baguhin ito?

Kung ikaw ay mayroong PVRO ngunit gusto mong baguhin ang mga kautusan ('ibahin ang PVRO') o lubusang kanselahin ang PVRO ('kanselahin ang PVRO'), dapat kang mag-aplay sa Korte. Dapat kang humingi ng legal na payo bago ka gumawa ng aplikasyon sa Korte upang baguhin ang iyong PVRO.

Mahalagang tandaan na ang Korte **lamang** ang makapagbabago ng isang PVRO. Kahit na nagkasundo kayo ng Nasasakdal na baguhin o kanselahin ang DVO, dapat kang mag-aplay sa Korte upang bigyang-bisa ito.

Kailangan mo ba ng legal na payo o tulong? Maaari mong kontakin ang TEWLS para sa walang bayad na appointment.

Ph: **1800 234 441** (freecall) or **(08) 8982 3000** | E: admin@tewls.org.au
W: www.tewls.org.au | A: **17 Lindsay Street, Darwin NT 0800**



**TOP END WOMEN'S
LEGAL SERVICE INC.**
FREE LEGAL ADVICE FOR WOMEN
Advice | Information | Referral | Advocacy



Proudly supported by
**NORTHERN
TERRITORY
GOVERNMENT**